

General Community Quarantine


Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Sa ilalim ng GCQ:



Dapat na manatiling **limitado ang paglabas** ng tahanan tulad na lang ng pagbili ng pangunahing pangangailangan o pagtungo sa trabaho. Hindi pa rin pinapayagan ang paglabas na para lang sa paglilibang.

Ang mga **21 taong gulang pababa, mga senior citizen, mga may mahinang resistensya at may iba pang health risk** ay kailangang manatili sa tahanan maliban na lamang kung walang ibang pwedeng bumili ng kanilang pangangailangan o kung magtutungo sa trabaho.





Kailangan pa ring patuloy na sumunod sa **public health standards** tulad ng pagsusuot ng **face mask, physical distancing, at madalas na paghuhugas ng kamay.**

Hanggang **sampung katao** lamang ang maaaring dumalo sa anumang pagtitipon.



Papayagan nang magbalik-operasyon ang mga **pampublikong sasakyan**, ngunit lilimitahan ang bilang ng mga pasahero.



Mananatiling **suspendido ang operasyon ng mga hotel at motel,** maliban na lamang kung gagamitin ito ng pamahalaan para sa pangangailangan ng mga nasasakupan.





Ang mga **mall at shopping center** ay papayagang magbukas nang may limitadong operasyon.

Mananatiling suspendido ang **physical classes** sa mga **paaralan**.





Maaari nang magbukas ang lahat ng **tanggapan ng gobyerno** ngunit hinihikayat na magpatupad ng **alternative work arrangements.**

Ang mga pampubliko at pribadong **construction projects** ay papayagan nang magbukas basta't susunod sa mga patakarang itinakda ng **DPWH**.





Mananatiling epektibo ang **Stay At Home Ordinance** kaya ipinagbabawal pa rin ang hindi awtorisadong paglabas ng tahanan **mula 8:00pm hanggang 5:00am.**

Ipinatutupad pa rin ang **Stay Sober Ordinance** kaya ipinagbabawal pa rin ang pagbebenta, pagbili, pagbibyahe at pag-inom ng alak sa loob ng Valenzuela.





General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Mahigpit pa ring **IPINAGBABAWAL** ang pagbubukas ng mga sumusunod:

- Gym/fitness studios at mga basketball court, bowling center at bilyaran
- Travel agencies, tour operators, reservation service at iba pang katulad na serbisyo
- Library, archives, museums, art galleries, botanical & zoological gardens at iba pang cultural center
- Kid amusement industries tulad ng playroom at rides
- Personal Care Services, tulad ng massage parlors, waxing salons, facial care, foot spa, at sauna bath establishments
- Pasyalan, tulad ng water parks, beaches, resorts maliban na lamang kung ito ay ginagamit bilang quarantine facility
- Entertainment industries tulad ng sinehan at teatro, karaoke bar, comedy bar, pub, bar, nightclub, beerhouse at iba pa
- Gambling establishment at activities tulad ng e-bingo, e-games, OTB, lotto, cockpit arena at iba pang tulad nito
- Computer rental shops, internet cafes, at gaming hubs

***Tayo na,* Valenzuela!**


valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa Transportasyon



Sa ilalim ng General Community Quarantine, pinapayagan nang bumiyahe ang mga:

1. **Bisikleta** *(bawal pa rin ang pag-angkas)*
2. **Motorsiklo** *(bawal pa rin ang pag-angkas)*
3. **Pedicab** *(hanggang 1 pasahero lamang)*
4. **Tricycle** *(hanggang 1 pasahero lamang)*
5. **E-trike** *(hanggang 3 pasahero lamang)*

Alisunod sa direktiba ng Department of Transportation (DOTr), magkakaroon ng dalawang phase ang pagbabalik operasyon ng iba pang pampublikong transportasyon.

Phase 1

maaari nang bumiyahe mula

JUNE 1-21, 2020

- Tren at Bus Augmentation
- Taxi at Transportation Network Vehicle Services (TNVS)
- Shuttle Service
- Point-to-Point (P2P) Bus

Phase 2

maaari nang bumiyahe mula

JUNE 22-30, 2020

- Public Utility Bus (PUB)
- Modern PUV
- UV Express

Mananatili pa ring bawal ang pagpasok ng mga provincial bus sa Metro Manila.

Tayo na, Valenzuela!


valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa Transportasyon



Lahat ng mga bibyahe, pampasada man o pribado, ay dapat na sumunod sa Health Safety Standards.



- **Bawat driver ay dapat na magsuot ng face mask. Mas mabuti rin kung gagamit ng face shield at gloves.**



- **Dapat ay maglagay ng transparent barrier upang maihiwalay ang driver mula sa pasahero.**




- **Ugaliin ang madalas na pag-disinfect ng sasakyan.**




- **Maglaan din ng alcohol o sanitizer para sa mga pasahero.**

Pampublikong Transportasyon sa ilalim ng General Community Quarantine

Alinsunod sa panuntunan ng Department of Transportation (DOTr), maaari nang magbalik-operasyon ang mga pampublikong sasakyan ngunit magiging limitado ang pahihintulutang kapasidad.



Driver Allowed Passenger - - - - Non-Permeable Transparent Barrier




TRICYCLE

- **1 pasahero** sa loob
- **Bawal ang angkas sa likod ng drayber**

PEDICAB

- **1 pasahero** lang ang maaaring sumakay




Tayo na, Valenzuela!


valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity @valenzuelagov Valenzuela City

Pampublikong Transportasyon sa ilalim ng General Community Quarantine

Alinsunod sa panuntunan ng Department of Transportation (DOTr), maaari nang magbalik-operasyon ang mga pampublikong sasakyan ngunit magiging limitado ang pahihintulutang kapasidad.



Driver Allowed Passenger - - - - Non-Permeable Transparent Barrier




E-TRIKE

- Hanggang 3 pasahero sa loob
- Dapat magpatupad ng "One Seat Apart Rule"

MOTORSIKLO

- Para lang sa importanteng byahe
- Bawal ang angkas




Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity @valenzuelagov Valenzuela City


Pampublikong Transportasyon sa ilalim ng General Community Quarantine

Alinsunod sa panuntunan ng Department of Transportation (DOTr), maaari nang magbalik-operasyon ang mga pampublikong sasakyan ngunit magiging limitado ang pahihintulutang kapasidad.



Driver Allowed Passenger - - - - Non-Permeable Transparent Barrier


SHUTTLE SERVICE



- **2 pasahero** kada hanay
- Hanggang **kalahati lang ng kapasidad** ang maisasakay, bukod sa drayber at konduktor
- **1 pasahero sa unahan** kung walang konduktor
- May **pagitan na isang upuan** ang mga pasahero
- **Bawal ang nakatayo**

TAXI AT TRANSPORT NETWORK VEHICLE

- **2 pasahero kada hanay**
- **1 pasahero lang sa unahan**



Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity @valenzuelagov Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

CATEGORY I / Full Operational Capacity

✅ **Allowed with safety protocols**

SECTORS	GCQ
Agriculture. Forestry. and Fisheries	✅
Manufacturing of essential goods • Food and beverages (only non-alcoholic drinks) • Hygiene (e.g., soap, detergent, disinfectant) • Medicines and vitamins • Medical products (e.g., masks) • Pet food, feeds, and fertilizers	✅
Hospitals and clinics (non-aesthetic -- e.g., dermatological, dental, optometric, and eye, ear, nose, throat)	✅
Essential retail (e.g., groceries. markets, drug stores)	✅
Laundry shops (incl. self-service)	✅
Food preparation and water-refilling: take-out and delivery only	✅
Logistics service providers (e.g., cargo handling, warehousing, trucking, shipping line)	✅
Delivery services	✅
Utilities: power, energy, water, telecom, aircon, water collection/supply, waste management, sewerage (except septic tank emptying, but including pest control, garbage collection, etc.)	✅
Repair and installation of machinery and equipment	✅
Telecommunications companies (e.g., ISPs, cable providers, telco 3rd party contractors)	✅
Energy companies (incl. 3rd party contractors) across transmission, distribution, maintenance, retail, exploration, operations, trading and delivery of raw materials (incl. refineries and depots)	✅
Gasoline stations	✅
Construction workers accredited by the DPWH and the city government to work on facilities for healthcare and for risk reduction	✅
Manufacturing companies and suppliers of products necessary for construction	✅
Media establishments	✅

Based on DTI Memorandum Circular No. 22, S. 2020



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

CATEGORY II / 50% up to Full Operational Capacity

✓ **Allowed with safety protocols**

SECTORS	GCQ
Other manufacturing (such as, but not limited to, beverages, electrical machinery, food products, furniture, non-metallic products, textiles or wearing apparels, Tobacco products, Paper and Paper products, Rubber and Plastic products, Coke and Refined Petroleum products, Other non-metallic mineral products, Computer, Electronic and Optical Products, Electrical Equipment, Machinery and Equipment , Motor Vehicles, Trailers and Semi-Trailers, Other Transport Equipment)	✓
Cement and steel	✓
Mining and quarrying	✓
Electronic commerce companies	✓
Postal, courier and delivery services	✓
Export-oriented companies	✓
Real estate activities	✓
Public and private construction projects that are essential (i.e., sewerage, water services facilities, digital works, health facilities) and priority (i.e., food production, agriculture, energy, housing, communication, water utilities, manufacturing, and BPO)	✓
Repair of computers and personal and household goods	✓
Housing service activities	✓
Office administrative and office support (e.g., photocopying, billing)	✓
Special purpose accommodation for healthcare workers, OFWs, workers in permitted sectors, and non-OFWs with mandated quarantine	✓
Funeral and embalming services	✓
Veterinary clinics	✓
Security and investigation activities	✓

Based on DTI Memorandum Circular No. 22, S. 2020



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

CATEGORY III / 50% Work-On-Site Arrangement, Work-From-Home, and other Alternative Work Arrangement

✓ Allowed with safety protocols ● Partially Allowed: Minimum 50% Work From Home, Maximum 50% On-Site

SECTORS	GCQ
Advertising and market research	✓
Computer programming (e.g., writing code, designing computer systems) and information service activities (e.g., data processing)*	✓
Publishing and printing activities (e.g., newspapers, books, etc; printing on textiles, glass, etc.)	✓
Film, music and TV production	✓
Rental and leasing, other than real estate (e.g., vehicles, equipment for permitted sectors	✓
Employment activities (e.g., recruitment and placement for permitted sectors)	✓
Other activities (e.g., photography, fashion, industrial, graphic, and interior design)	✓
Wholesale and retail trade of motor vehicles. Motorcycles, and bicycles, including their parts and components	✓
Repair of motor vehicles, motorcycles, and bicycles (including vulcanizing shops, battery repair shops, auto repair shops)	✓
Malls and commercial centers (non-leisure only, inline with below)	✓
Dining/Restaurants	● No Dine-in. Delivery and take-out only
Hardware stores	✓
Clothing and accessories	✓
Mall-based government frontline services	✓
Bookstores and school and office supplies stores	✓
Baby care supplies stores	✓
Pet food and pet care supplies	✓
IT, communications, and electronic equipment	✓
Flower, jewelry, novelty, antique, perfume shops	✓
Toy store (with playgrounds and amusement area closed)	✓
Business Process Outsourcing (BPO): work-from-home, on-site or near-site accommodation or point-to-point shuttles	✓
Banks, money transfer services, microfinance institutions, pawnshops, and credit cooperatives*	✓
Capital markets (e.G., BSP, SEC, PDEC, PDTC, etc.)*	✓
Other financial services (e.G., Money exchange, insurance, reinsurance, and non-compulsory pension funding	✓
Legal and accounting	✓
Management consultancy activities	✓
Architecture and engineering activities; technical testing and analysis*	✓
Scientific and research development	✓

Based on DTI Memorandum Circular No. 22, S. 2020

Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity @valenzuelagov Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa mga Industriya at Gusaling Pang-opisina

Maliban sa **Universal and Mandatory Safety Measures** na ipinatutupad sa Lungsod ng Valenzuela, ang mga sumusunod na patakaran ay kailangang ipatupad sa mga industriya:

Sa mga employer:



- **Maglaan ng mga kagamitang magpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado tulad ng mask, sabon, sanitizer, disinfectant, PPE, at iba pa**
- **Siguruhing isang tao lang ang nakapwesto sa kada 3.00 sqm na floor area upang mapanatili ang physical distancing.**
- **Gumawa ng mga polisiya na may kinalaman sa mga pag-iingat laban sa COVID-19. Ibatay ang mga adbokasiya at IEC programs sa DOH, WHO at iba pang naglalabas ng mapagkakatiwalaang impormasyon ukol sa COVID-19.**
- **Maglagay ng COVID-19 Hotline at Call Center para sa mga empleyado na may nararamdamang sintomas, at araw-araw na subaybayan ang kalagayan ng empleyadong magiging "suspect".**
- **Magtalaga ng sanitation o safety officer na titiyak na napatutupad ang mga hakbang sa pag-iingat laban sa COVID-19 tulad ng regular na pag-disinfect at physical distancing, pagsusuot ng facemask, paglalagay ng thermal scanner at pagsagot sa health symptoms questionnaire.**
- **Bawat establisyimento ay dapat magpaskil ng Establishment Occupancy Signage sa pasukan at pintuan. Maaari itong i-download sa *https://valenzuela.gov.ph/download/ pdf/ EstablishmentOccupancySignage.pdf.***



- **Magpasa ng Workforce and Workplace Management Plan sa City Business Inspection and Audit Team (CBAT) sa loob ng 5 araw mula nang muling magbukas ang industriya. Maaaring ma-download ang template nito sa *https://valenzuela.gov.ph/download/pdf/COVID19ManagementPlan.pdf.* Hindi naman na kailangang magpasa pa ng panibagong management plan ang mga industriyang nakapagpasa na noong MECQ at naaprubahan na.**
- **Maglaan ng shuttle service o magbigay ng maayos na matutuluyan malapit sa opisina upang maiwasan ang pabyahe ng mga empleyado. Para sa mga industriyang magtatalaga ng company shuttle, magpasa ng permit form na maaaring i-download sa *https://valenzuela.gov.ph/download/pdf/ShuttleServicePassApplication.pdf.* Ipasa ito sa Valenzuela City Transportation Office, kalakip ng mga sumusunod na requirement:**

1. **Official Receipt (OR)**
2. **Certificate of Registration (CR)**
3. **Driver's License**
4. **Seating Plan**
5. **Photocopy ng Business Permit**



Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa mga Industriya at Gusaling Pang-opisina

Maliban sa **Universal and Mandatory Safety Measures** na ipinatutupad sa Lungsod ng Valenzuela, ang mga sumusunod na patakaran ay kailangang ipatupad sa mga industriya:

Sa mga manggagawa:



- **Sumunod sa mga patakarang ipinatutupad sa lugar ng trabaho.**



- **Ugaliing magsuot ng face mask sa lahat ng oras.**



- **Umubo o bumahing sa tissue o sa manggas ng damit kung walang tissue**



- **Itapon nang maayos ang ginamit na tissue.**



- **Agad na i-disinfect ang mga kamay pagkatapos umubo o bumahing sa pamamagitan ng paghuhugas o paglalagay ng alcohol-based sanitizer**





General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa mga Construction Projects

Alinsunod sa Department Order No. 39 na inilabas ng **Department of Public Works and Highways (DPWH)**, papayagan nang magpatuloy ang lahat ng **public at private construction projects** sa ilalim ng GCQ.



Gayunman, kailangan pa ring sumunod sa mga patakaran at regulasyong inilatag ng DPWH at ng pamahalaang lungsod.

Mga paalala bago mag-deploy:

- **Tanging mga manggagawang 21 hanggang 59 taong gulang na walang ibang sakit ang dapat payagang magtrabaho.**
- **Dapat siguruhin ng mga concessionaire, contractor at subcontractor na ang kanilang proyekto ay sumusunod sa DOLE D.O. No. 13, Series of 1998 at sa DTI at DOLE Interim Guidelines on Workplace Prevention and Control of COVID-19.**
- **Ang mga concessionaire, contractor, subcontractor at supplier ay dapat magbigay ng mga pasilidad para sa ikabubuti ng mga empleyado tulad ng quarters na pwedeng tuluyan.**
- **Kailangang maglagay ng mga disinfection facilities sa site ng proyekto.**
- **Kailangang maglabas ng malinaw na alituntunin na dapat sundin ng bawat manggagawa.**

Mga paalala habang naka-deploy:

- **Siguruhing napananatili ang social distancing.**
- **Magpatupad ng magkakaibang oras ng break time.**
- **Lahat ng empleyado ay dapat na manatili sa kanilang quarters sa panahong itatagal ng proyekto.**
- **Ang mga non-essential na empleyado ay hindi dapat payagang pumasok sa construction site, quarters ng mga empleyado, at mga opisina. Lahat ng empleyado na kailangang pumasok sa site sa loob ng sandaling oras ay dapat munang suriing mabuti at mag-log.**
- **Iwasan ang mga lakad sa labas ng construction site.**
- **Para sa mga government construction projects, ang mga DPWH engineer na nasa construction site ay dapat tiyaking nasusunod ang pagsusuot ng mga PPE.**
- **Itapon nang maayos ang mga basura, kabilang na ang mga infectious waste tulad ng PPE.**
- **Magbigay ng sapat na pagkain, malinis na maiinom, disinfectant at sabon pang hugas ng kamay sa mga in-house na empleyado.**
- **Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtitipon at pag-inom ng alak sa construction site.**
- **Regular na i-disinfect ang mga opisina, quarters ng empleyado, shuttle service, at iba pang lugar na laging napupuntahan o dinadaanan.**
- **Magtalaga ng safety officer para masigurong nasusunod ang mga alituntuning inilatag ng DPWH at ng pamahalaang lungsod.**
- **Araw-araw na subaybayan ang kalusugan ng mga empleyado. Ang mga empleyadong may sintomas na maaaring COVID-19 ay dapat sumailalim sa 14-araw na quarantine at dapat na itawag sa Valenzuela City Epidemiology and Surveillance Unit (CESU) Hotline 8352-5000 / 137-160 para sa assessment at monitoring.**



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

COMPANY SHUTTLE

Para sa mga industriya at establisyimentong magbubukas at magtatalaga ng **COMPANY SHUTTLE** para sa kanilang mga empleyado, kailangang sundin ang mga sumusunod na hakbang:

1. **Kumuha ng company shuttle permit form mula sa Valenzuela City Transportation Office (VCTO). Maaari itong ma-download sa https://valenzuela.gov.ph/download/pdf/ShuttleServicePassApplication.pdf**

2. **Ipasa ang nasagutang form kalakip ng mga sumusunod na requirement:**

   - **Official Receipt (OR)**
   - **Certificate of Registration (CR)**
   - **Driver's License**
   - **Seating Plan**
   - **Photocopy ng Business Permit**

   Ang pag-apruba dito ay depende sa magiging assessment ng VCTO.

3. **Mag-i-isyu ang VCTO ng Shuttle Service Travel Pass sticker o tarpaulin na ikakabit sa shuttle. Ito ay renewable bawat 30 araw.**



Para sa mga katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa VCTO

Valenzuela City Transportation Office
Valenzuela City Action Center
MacArthur Highway (sa tabi Puregold Dalandanan)
8352-2000 local 2105

Tayo na, Valenzuela!


valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

GCQ Protocol para sa Health Related Facilities




Lahat ng health related facilities tulad ng mga **pribadong ospital, medical clinic, dental clinic, optometry clinic, dermatology clinic, EENT clinic, diagnostic center/laboratory, dialysis center, therapy center**, at mga **botika** ay pinapayagan nang magbalik-operasyon nang may **100% workforce**.

Ang mga botika naman ay hinihikayat na magbukas ng operasyon ng hanggang **12 oras**.

Ang mga health related facilities ay inaatasang magpatupad ng sumusunod na pamantayan upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.



- Palaging sumunod sa **"Wear your Face Mask Ordinance"** sa lahat ng oras maliban na lamang kung kailangan itong tanggalin.
- Pasagutan ng **daily health symptoms questionnaire** ang lahat ng empleyado bago payagang pumasok sa loob.
- Maglagay ng **thermal scanner** sa pasukan ng pasilidad.
- Maglagay ng **hugasan ng kamay** o **alcohol/sanitizer** na magagamit ng mga papasok ng pasilidad.



- Tiyaking palaging nasusunod ang **physical distancing.**



- Magbigay ng personal **protective equipment (PPE)** sa mga empleyado at iba pang kagamitan tulad ng **alcohol, gloves** at **disinfectant**.



- **Regular na i-disinfect** kada dalawang oras ang mga bagay na laging nahahawakan tulad ng door knob at mga hawakan
- Siguruhing may **sapat na tubig at sabon** ang lahat ng pampublikong palikuran.



Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**



GCQ Protocol para sa Health Related Facilities

PARA SA EMPLOYER:

- Maglaan ng mga kagamitan na magpapanatili ng kaligtasan ng mga empleyado at ng establisyimento tulad ng face mask, sabon, sanitizer, disinfectant, PPE at iba pa.
- Siguruhing maayos na nakasuot ang PPE ng mga empleyado habang nasa trabaho at itapon nang maayos pagkatapos gamitin.
- Maglaan ng shuttle service o magbigay ng maayos na matutuluyan malapit sa opisina upang maiwasan ang pagbyahe ng mga empleyado.
- Magtalaga ng safety officer na titiyak na napatutupad ang mga hakbang sa pag-iingat laban sa COVID-19 tulad ng regular na pag-disinfect at physical distancing, pagsusuot ng facemask, paglalagay ng thermal scanner at pagsagot sa health symptoms questionnaire.
- Maglagay ng COVID-19 Hotline at Call Center para sa mga empleyado na may nararamdamang sintomas at araw-araw na subaybayan ang kalagayan ng empleyadong magiging "suspect".
- Para sa mga establisyimento na may mga empleyadong madaling kapitan ng impeksyon, ang employer ay dapat na sumunod sa DOH Department Memorandum No. 2020-0178, Interim Guidelines on Health Care Provider Networks During the COVID-19 Pandemic na inilabas noong April 11, 2020.
- Ang mga dental clinic ay dapat ding sumunod sa memorandum mula sa Philippine Dental Association (PDA) na Interim Guidelines on Infection Prevention During COVID-19 Pandemic na inilabas noong April 26, 2020 at iba pang mga patakarang ilalabas ng PDA at ng DOH.
- Magpasa ng **Workforce and Workplace Management Plan** sa City Business Inspection and Audit Team (CBAT) sa loob ng 5 araw mula nang muling magbukas ang establisyimento. Maaaring ma-download ang template nito sa https://valenzuela.gov.ph/download/pdf/COVID19ManagementPlan.pdf. Hindi naman na kailangang magpasa pa ng panibagong management plan ang mga establisyimentong nakapagpasa na noong MECQ at naaprubahan na.



PARA SA MGA EMPLEYADO:

- Sumunod sa mga hakbang na ipinatutupad sa lugar ng trabaho.
- Sundin ang wastong coughing etiquette.

Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

GCQ Protocol para sa mga Mall Operator

Maliban sa **Universal and Mandatory Safety Measures** na ipinatutupad sa Lungsod ng Valenzuela, kailangan ding sundin ang mga sumusunod na alituntunin:

50% lang ng kabuuang kapasidad ng establisyimento ang dapat payagang pumasok.



Panatilihin sa **26 degrees celcius** ang temperatura ng air-conditioning.





Alisin ang free wi-fi o internet upang maiwasan ang pagtambay ng mga tao.



Ipagbawal ang pagpasok ng mga menor-de-edad sa establisyimento.

Mananatiling sarado ang mga sinehan at dine-in option sa mga kainan.



Tanging mga establisyimentong kabilang sa mga inilahad ng pamahalaang nasyonal ang dapat payagang magbukas.





Magpasa ng **Workforce and Workplace Management Plan** sa City Business Inspection and Audit Team (CBAT) sa loob ng 5 araw mula nang muling magbukas ang establisyimento. Maaaring ma-download ang template nito sa **https://valenzuela.gov.ph/download/pdf/COVID19ManagementPlan.pdf**

Hindi naman na kailangang magpasa pa ng panibagong management plan ang mga establisyimentong nakapagpasa na noong MECQ at naaprubahan na.

Magpasa rin sa CBAT ng listahan ng mga tindahan at stall na magbubukas sa mall, sa loob ng **tatlong araw** mula nang muling magbukas ang establisyimento.

***Tayo na,* Valenzuela!**

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**



GCQ Protocol para sa Non-Contact Sports

Ang mga non-contact sports tulad ng walking, jogging, running, biking, tennis at badminton ay pinapayagan na habang nasa ilalim ng GCQ ang Valenzuela City.

Pinagbabawalan pa rin namang magbukas ang mga pampublikong court, sports arena, astrodome at iba pang katulad na pasilidad.

Ang lahat ng magbubukas na pribadong establisyimento, maging ang mga manlalaro, ay dapat sumunod sa Health Safety Standards upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.

- Ang lahat ng sasali sa non-contact sports ay dapat na sumunod sa "Wear Your Face Mask Ordinance" sa lahat ng oras. Maaari lamang tanggalin ang face mask kung kakain o iinom.
- Lahat ng pasilidad na ginagamit para sa non-contact sports ay dapat na regular na i-disinfect. Dapat ding maglagay ng mga disinfectant o sanitizer na maaring gamitin ng mga manlalaro at iba pang mga pumapasok sa establisyimento.
- Dapat siguruhin ng may-ari o ng mga bantay ng pasilidad na tanging essential personnel at mga manlalarong naka-schedule lamang ang papayagang pumasok sa loob. Dapat ipagbawal ang mga bisita o mga manunuod.
- Ang mga manlalaro ay dapat na magdala ng sariling mga sports gear at kagamitang panlaro.
- Dapat ay panatilihing malinis at may sapat na tubig at sabon sa lahat ng oras ang shower at washing area.
- Siguruhing palaging nasusunod ang social distancing.
- Dapat na maglagay ng protective barrier o plastic na harang sa pagitan ng teller o cashier at ng mga manlalaro. Kung wala naman ay kailangang may face shield ang empleyado ng pasilidad.
- Ang mga pasilidad para sa non-contact sports ay maaari lamang magbukas simula 5:00 am hanggang 6:00 pm.

Ang lahat ay dapat sumunod sa mga patakarang inilabas ng DOH, IATF, PNP at iba pang ahensya ng pamahalaan.

Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa mga Barbershop at Salon

Alinsunod sa IATF Resolution, ang mga **barbershop at salon** ay papayagan nang magbukas nang may **30% workforce** simula **JUNE 7, 2020**,



Kailangang sumunod ng mga magbubukas na establisyimento sa mga patakarang inilatag ng DTI at ng pamahalaang lungsod:

- **Magsuot ng face mask sa lahat ng oras.**



- **Magpatupad ng alternatibong paraan ng pag-iskedyul ng appointment tulad ng online o text messaging.**



- **Panatilihing nasusunod ang physical distancing loob ng sa establisyimento.**



- **Maglagay ng foot bath o mat na may disinfectant, thermal scanner, alcohol, at health checklist. Maglaan din ng face shield para sa mga kliyenteng magpapagawa ng shampoo services.**



- **Regular na linisin at i-disinfect ang establisyimento. Kung maaari ay balutan ng plastic ang mga kagamitan para sa mas madaling paglilinis. Maglaan ng 10 minutong pagitan sa bawat kliyente para sa sanitasyon.**



- **I-disinfect ang mga personal na gamit ng kliyente at ilagay sa sanitary plastic bags.**



- **Magpatupad ng alternatibong paraan ng pagbabayad upang maiwasan ang physical contact. Maglaan ng maliit na tray para sa pagtanggap ng pera.**



- **Maglagay ng 1 metrong distansya sa bawat upuan at maglagay ng mga palatandaan sa sahig upang mapanatili ang social distancing.**





Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

Simula **JUNE 1, 2020**, ang Metro Manila ay isasailalim na sa **General Community Quarantine (GCQ)**

Protocol para sa mga Barbershop at Salon

Alinsunod sa IATF Resolution, ang mga **barbershop at salon** ay papayagan nang magbukas nang may **30% workforce** simula **JUNE 7, 2020**,



Kailangang sumunod ng mga magbubukas na establisyimento sa mga patakarang inilatag ng DTI at ng pamahalaang lungsod:


- **Siguruhing may maayos na bentilasyon sa establisyimento.**



- **Itabi ang mga personal na gamit ng mga empleyado sa lugar na malayo sa mga kliyente.**



- **Gumamit lamang ng mga disposable na menu, magazine at iba pang babasahin.**



- **Para sa mga kliyente, iwasan ang pagdadala ng kasama sa establisyimento maliban na lamang kung kinakailangan.**



- **Ugaliin ang madalas na paghuhugas ng kamay at sumunod sa wastong personal hygiene. Itapon din nang maayos ang mga bagay tulad ng mga bulak at tissue.**



- **Limitado lang sa paggugupit *(haircut)* ang serbisyo.**



- **Siguruhing nakasuot ang mga empleyado ng closed shoes at PPE tulad ng face mask, face shield, eye glasses, gloves at hair caps. Ipagbawal din sa mga empleyado ang pagsusuot ng mga alahas tulad ng singsing, relo, hikaw at iba pa.**



- **Ang mga empleyadong may sintomas na tulad ng sa COVID-19 at may nakasalamuhang nagpositibo sa sakit ay hindi dapat payagang magtrabaho. Bilang bahagi ng contact tracing, dapat na ideklara ng mga empleyado ang anumang nararamdaman o mga lugar na pinuntahan bago magsimula ang duty.**

Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City



General Community Quarantine

PROTOCOL PARA SA MGA DINE-IN RESTAURANT AT FOOD ESTABLISHMENT



Simula **JUNE 15, 2020**, papayagan na ang **DINE-IN** sa mga kainan basta't masusunod ang mga itinakdang Health Safety Standards at mga patakarang inilatag ng DOT, DTI at ng pamahalaang lungsod upang makaiwas sa pagkalat ng COVID-19.
Ito ay alinsunod sa IATF Resolution No. 45 Series of 2020.



- **Dapat ay limitahan sa 30% ng orihinal na kapasidad ang bilang ng mga pumapasok sa establisyimento.**



- **Bawat isa ay dapat magsuot ng face mask. Magpatupad ng NO MASK, NO ENTRY POLICY.**



- **Maglagay ng alcohol, disinfectant mat, at thermal scanner.**



- **Siguruhing may maayos na bentilasyon ang establisyimento.**



- **Siguruhing napananatili ang social distancing. Maglagay ng mga palatandaan sa sahig kung saan lang maaaring tumayo habang nakapila.**



- **Siguruhing linisin ang mga kamay pagkatapos humawak ng menu. Hangga't maaari ay tingnan na lang ang menu sa counter o gumamit ng single-use menu.**



- **Hindi pa rin pinapayagan ang mga self-service station, buffet at salad bar, maging mga play area.**



- **Baguhin ang pwesto ng mga upuan upang masiguro na may 1 metrong pagitan.**

General Community Quarantine

PROTOCOL PARA SA MGA DINE-IN RESTAURANT AT FOOD ESTABLISHMENT



Simula **JUNE 15, 2020**, papayagan na ang **DINE-IN** sa mga kainan basta't masusunod ang mga itinakdang Health Safety Standards at mga patakarang inilatag ng DOT, DTI at ng pamahalaang lungsod upang makaiwas sa pagkalat ng COVID-19.
Ito ay alinsunod sa IATF Resolution No. 45 Series of 2020.



- Magpatupad ng alternatibong paraan ng pagbabayad upang maiwasan ang physical contact.



- Siguruhing palaging malinis ang mga palikuran at may sapat na sabon, tubig at tissue.



- Maglaan ng 10 minuto para sa paglilinis bago paupuin ang kasunod na dine-in customer. I-disinfect naman ang mga high risk area tulad ng mga counter kada 30 minuto.



- Siguruhing nakasuot ang mga empleyado ng PPE tulad ng face mask, face shield, gloves, hair cap at closed shoes sa lahat ng oras.



- Itala ang temperatura at mga lugar na pinuntahan ng mga empleyado bago at pagkatapos ng trabaho.



- Ugaliing linisin ang mga kasangkapan pagkatapos gamitin. I-disinfect din ang mga bagay na laging hinahawakan tulad ng freezer, ref, oven at door knob.



- Siguruhin ang kalinisan sa food preparation area. Ipagbawal ang pagpasok dito ng mga empleyadong hindi kabilang sa paghahanda ng pagkain.



- Magtalaga ng pick-up o take-out zone para sa mga customer at delivery personnel.



- Maglagay ng clear o acrylic barrier sa pagitan ng mga customer.



General Community Quarantine

Protocol para sa mga Barbershop at Salon

ORDINANCE NO. 723 SERIES OF 2020



Sa bisa ng ordinansang ito, ang mga salon, parlor at barbershop ay papayagan nang magbukas sa ilalim ng **General Community Quarantine o GCQ** simula **JUNE 7, 2020.**



Para sa mga may-ari o employer:

- Siguruhing walang empleyado na may sintomas ng COVID-19 ang papayagang pumasok sa trabaho.
- Atasan ang mga empleyado na ideklara ang lagay ng kanilang kalusugan at ang mga lugar na kanilang pinuntahan bago magbalik trabaho.
- Magbigay sa mga empleyado ng face mask, face shield, gloves at iba pang kagamitan na maaaring gamitin para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.
- Maglagay ng COVID-19 Hotline at Call Center para sa mga empleyado na may nararamdamang sintomas at araw-araw na subaybayan ang kalagayan ng empleyadong magiging "suspect".
- Magtalaga ng safety officer na titiyak na napatutupad ang mga hakbang sa pag-iingat laban sa COVID-19 tulad ng regular na pag-disinfect at physical distancing, pagsusuot ng facemask, paglalagay ng thermal scanner at pagsagot sa health symptoms questionnaire.
- Kung maari, maglaan ng shuttle service o magbigay ng maayos na matutuluyan malapit sa opisina upang maiwasan ang pabyahe ng mga empleyado.
  Kung magtatalaga ng company shuttle, magpasa ng permit form sa Valenzuela City Transportation Office.
- Magpasa ng Workforce and Workplace Management Plan sa City Business Inspection and Audit Team (CBAT) sa loob ng 5 araw mula nang muling magbukas ang establisyimento. Maaaring ma-download ang template nito sa *https://valenzuela.gov.ph/download/pdf/COVID19ManagementPlan.pdf.*



Para sa mga empleyado:

- Ugaliin ang madalas na paghuhugas ng kamay at sumunod sa wastong personal hygiene. Itapon din nang maayos ang mga bagay tulad ng bulak at tissue.
- Magsuot ng face mask, face shield, eye glasses, gloves, hair caps, closed shoes at iba pang personal protective equipment.
- Regular na linisin ang establisyimento. I-disinfect kada dalawang oras ang mga bagay na madalas hawakan tulad ng mga door knob at handle.
- Siguruhing laging may sapat na tubig at sabon ang mga palikuran.



General Community Quarantine

Protocol para sa mga Barbershop at Salon
ORDINANCE NO. 723 SERIES OF 2020



Sa bisa ng ordinansang ito, ang mga salon, parlor at barbershop ay papayagan nang magbukas sa ilalim ng **General Community Quarantine o GCQ** simula **JUNE 7, 2020.**

Gayunman, kailangang sumunod sa mga patakarang itinakda ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela upang mapigilan ang posibleng pagkalat ng COVID-19.



- **Limitahan sa 30% ang operational capacity.**



- **Magtalaga ng officer na sisigurong nasusunod ang physical distancing sa establisyimento. Maglagay ng 1 metrong distansya sa bawat upuan at ng mga palataandaan sa sahig upang mapanatili ang social distancing.**




- **Limitado lang sa paggugupit (haircut) ang serbisyo.**



- **Maglagay sa pasukan ng mga paalala ukol sa Public Health Standards.**



- **Magsuot ng face mask sa lahat ng oras.**



- **Kung maaari, maglagay ng *do-it-yourself* na protective barrier o transparent na harang sa reception area upang maiwasan ang direct contact ng kliyente at empleyado.**



- **Maglagay ng thermal scanner, foot bath o mat na may disinfectant, alcohol, health checklist at log book na magiging talaan ng mga pumapasok sa establisyimento**



- **Magpatupad ng shifting na oras ng trabaho, skeleton workforce o iba pang alternatibong sistema ng trabaho.**



- **Maayos na i-disinfect ang mga kagamitan. Ang mga kliyente ay hinihikayat na magdala ng sariling gamit o vanity kit.**



- **Magpatupad ng alternatibong paraan ng pag-iskedyul ng appointment tulad ng online o text messaging at para sa mga kliyente, iwasan ang pagdadala ng kasama sa establisyimento maliban na lamang kung kinakailangan.**



- **Magpatupad ng alternatibong paraan ng pagbabayad upang maiwasan ang physical contact.**

Tayo na, Valenzuela!

valenzuela.gov.ph | info@valenzuela.gov.ph | Valenzuela City | @valenzuelacity | @valenzuelagov | Valenzuela City